

MGA KINAKAILANGAN SA SERTIPIKASYON NG PAGSASALIN NG RMV

Ang RMV ay tatanggap ng mga dokumento na hindi sa Ingles kung ang mga ito ay sinamahan ng isang sertipikadong pagsasalin. Ang parehong pagsasalin at sertipikasyon ay dapat na naka-printa na may letterhead ng entidad na nagbigay ng sertipikasyon.

ANG MGA DOKUMENTO AY MAAARING ISERTIPIKADO NG:	DAPAT KASAMA SA MGA SERTIPIKASYON ANG:
• Tagabigay ng Serbisyo sa Wika • Isang bilingual na guro sa isang akreditadong kolehiyo, unibersidad, o pribadong paaralan ng wika sa Massachusetts • Ang isang bilingual na notaryo publiko • Ang lokal na konsulado para sa bansang pinagmulan ng dokumento* • Ang American Translators Association (ang pambansang samahan ng mga propesyonal na tagasalin at interpreter) • Organisasyong nakabatay sa komunidad • Ahensiya ng Pamahalaan ng Estados Unidos (estado o pederal) • Ahensiya ng munisipalidad ng Massachusetts • Non-profit na organisasyon	• Pangalan ng tagasalin (naka-printa) • Petsa • Buong address ng tagasalin • Numero ng telepono o email address ng tagasalin • Pirma ng tagasalin • Pahayag ng mga kuwalipikasyon ng tagasalin. • Isang pahayag na nagpapatibay sa pagkakumpleto at katumpakan ng dokumento. • Pagkakakilanlan ng isinalin na dokumento at wika.

* Tandaan na hindi lahat ng mga konsulado ay nagbibigay ng mga serbisyo sa pagsasalin. Ang RMV ay may template ng sertipikasyon sa pagsasalin na makikita sa [Mass.gov/doc/translation-certification-format/download](https://www.mass.gov/doc/translation-certification-format/download).

Tandaan na ang form na tinatawag na "Translation into English of a Foreign Language" ay hindi tinatanggap bilang bahagi ng isang aplikasyon para sa learner's permit o pamantayang lisensiya sa pagmamaneho. Upang magbigay ng mga sertipikasyon sa pagsasalin bilang bahagi ng isang permit o aplikasyon sa lisensiya, gamitin ang form na "Translation Certification Format."

Simula Hulyo 2023, ang mga kuwalipikadong residente sa Massachusetts ay maaaring makakuha ng pamantayang lisensiya sa pagmamaneho (Class D o M), anuman ang katayuan sa imigrasyon, sa ilalim ng Work and Family Mobility Act (WFMA). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Work and Family Mobility Act (WFMA), bisitahin ang [Mass.Gov/WFMA](https://www.mass.gov/WFMA) o tumawag sa (857) 368 -9362.

